Paghalal ng Komite para sa Eleksyon sa Mababang Sektor sa 2011
Maikling Impormasyon sa Pagboto

Oras at Petsa ng Pagboto

- 11 Disyembre 2011 (Linggo)
- 7:30 n.u. - 10:30 n.g.

Pagboto

- Ang rehistradong botante o awtorisadong kinatawan ay maaaring bomoto sa eleksyon.
- Bawat botante o awtorisadong kinatawan ay bibigyan ng isang nakatalagang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat botante mga 5 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Kung ang botante o awtorisadong kinatawan ay mangangailangan ng tulong sa pagsalin sa wika ng impormasyon sa pagboto, maaari muna nilang tawagan ang CHEER mula 28 Nobyembre 2011.

Wika	Hotline No.
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833

Paano bomoto?

- Dalhin ang inyong HKID card sa istasyon ng botohan at ipakita sa kawani.
- Ikaw ay bibigyan ng) 1 o 2 (mga) magkaibang balota, ang kaukulang bilang ng sobre at paper board.

- Markahan ang iyong (mga) balota sa loob ng silid botohan gamit ang nakakabit na itim na panulat sa pamamagitan ng pagkulay sa bilog na katapat ang mga pangalan ng kandidatong iyong pinili. Bumoto ng hindi hihigit sa ipinag-utos na bilang ng upuan na kaugnay sa mababang sektor. Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring ibalik ang balota sa Presiding Officer at humingi ng kapalit.
- Ilagay ang namarkahang balota sa loob ng ibinigay na sobre at ilagay sa loob ng kahon ng balota sa direksyon na itinuturo ng arrow. Huwag itupi ang balota o ang sobre.